

AKO BILANG AKO, HINDI BILANG GURO

by:

Liza Ann C. Rondares

Teacher III, Kataasan Elementary School

Sa bawat klase, ang guro ay itinuturing na tagapagturo at gabay, ngunit hindi laging nakikita ang guro bilang isang tao na may sariling pagnanasa, pangarap, at personal na buhay. Sa kabila ng mga tungkulin at responsibilidad, ako bilang isang guro ay hindi lamang isang tagapaghatid ng kaalaman, kundi isang tao rin na may mga sariling hangarin at aspeto ng buhay na hindi nakikita ng iba.

Ako bilang ako ay isang indibidwal na may mga pangarap na hindi palaging nakatali sa aking trabaho bilang guro. Sa kabila ng mga sakripisyo at oras na inilalaan ko sa mga mag-aaral, mahalaga pa rin sa akin ang pagtuklas at pagpapalago ng aking sariling interes at layunin. Ang pagiging guro ay isang misyon at hindi isang ganap na pagpapakumbaba ng aking sarili. Bilang guro, hindi ko nais na mawala ang aking pagkatao sa proseso ng pagtuturo. Nais ko pa ring maging totoo sa sarili ko, lumago sa mga aspeto ng buhay na hindi nauugnay sa aking propesyon.

Minsan, ang mga guro ay nakakalimutan na may mga personal na pangarap din sila bukod sa pagtuturo. May mga ambisyon din kami na maaaring hindi laging naipapakita sa aming mga mag-aaral. Ngunit, ang pagiging guro ay isang pagninilay at isang patuloy na pagsusumikap na magtagumpay, hindi lamang sa mga mag-aaral kundi sa aming sariling buhay. Ang mga aspeto ng buhay na ito, mga hilig, libangan, at mga layunin, ay may epekto sa aming kakayahang maging mahusay na guro. Hindi kami perpekto, at kami ay patuloy na natututo at nagsusumikap.

Ang pagiging guro ay isang napakahalagang tungkulin, ngunit hindi ito ang tanging aspeto ng aming pagkatao. Ako bilang ako, ay may mga pangarap na walang

kinalaman sa pagtuturo – maaaring tungkol sa sining, musika, o kahit ang pagpapalago ng mga personal na relasyon. Kaya’t mahalaga na magkaroon kami ng balanseng buhay upang hindi mawalan ng direksyon o ng mga layunin na nagbibigay saysay at kasiyahan sa aming buhay.

Hindi ako guro sa lahat ng oras. Ako ay isang kaibigan, isang anak, isang kapatid, at higit sa lahat, isang tao na may mga pangarap. Ang pagiging guro ay hindi dapat magpataw sa amin ng limitasyon, bagkus, ito ay isang pagkakataon na magamit ang aming mga karanasan at pag-unawa upang maging magandang halimbawa sa mga kabataan.

Bilang guro, minsan ay nahihirapan kami na pagsabayin ang aming oras para sa mga mag-aaral at ang oras na kailangan namin para sa aming sarili. Subalit, ang pagpapahalaga sa ating sarili ay hindi dapat ikahiya. Kung nais nating maging mabuting guro, kailangan din nating alagaan ang ating pisikal, mental, at emosyonal na kalusugan.

Ang pagbigay sa aming sarili ng oras upang magpahinga at magnilay-nilay ay hindi isang pag-aaksaya ng oras kundi isang pagkakataon na mapabuti ang aming kakayahang magturo. Sa kabila ng aming mga responsibilidad, hindi kami nawawala sa aming pagiging tao. Kami ay patuloy na natututo at lumalago, tulad ng mga mag-aaral na tinuturuan namin.

Sa kabila ng lahat ng pagsubok at sakripisyo, ako bilang isang guro ay natututo na yakapin ang aking mga kahinaan at kalakasan. Ang pagiging guro ay hindi laging madali at may mga pagkakataon na nararamdaman namin na kami ay nauubos at wari’y gusto ng sumuko. Ngunit kami ay pilit na bumabangon at nagpapatuloy. Napagtatanto naming na sa bawat mag-aaral na natutulungan, kami rin ay natututo at lumalago.

Ang pagiging guro ay isang tungkulin na nagbibigay ng malaking halaga sa buhay ng bawat mag-aaral, ngunit sa likod ng lahat ng ito, kami ay mga tao rin na may mga sariling pangarap at hangarin. Ako bilang ako, hindi guro, ay patuloy na naglalakbay at

nagmamahal sa aking sariling buhay, upang mas maging mahusay at masaya sa aking pagiging guro. Sa huli, ang tunay na kahulugan ng pagiging guro ay hindi lamang nakikita sa apat na sulok ng aming mga silid-aralan, kundi sa kakayahan naming mapanatili ang aming pagkatao at kasiyahan habang tinutulungan ang iba na magtagumpay sa buhay.

References:

<http://tanawguro.blogspot.com/2008/03/bukod-sa-pagiging-guro-ni-titser-isang.html>

<https://www.scribd.com/document/363299151/Guro-Lathalain>